

PAUNAWA

SA NJ FAMILY CARE MEMBERS

Mag-ingat sa renewal scams! Inireport ng ibang mga estado na mayroon silang mga miyembrong nakatanggap ng illegitimate o scam messages na galing daw sa kanilang Medicaid agency. Ang scammers ay maaaring magkunwari na sila'y mula sa isang tunay na organisasyon o isang ahensiya ng gobyerno, gamit ang phone, text o email – pero sa katotohanan ay gusto lamang nilang magnakaw sa iyo.

Ang NJ FamilyCare at ang mga health plan nito ay nagpapadala ng text messages sa mga miyembro, pero **hindi** namin **kailanman** gagawin ang sumusunod:

Singilin o hingan ng pera ang mga indibidwal para mag-enroll o magre-enroll.

Magbanta ng legal na aksyon o kunin ang iyong bank account.

Humingi ng gift card, prepaid debit card, Internet currency, o cash sa mail bilang pambayad.

Pwersahin ang sinoman na magbigay ng personal na impormasyon o sabihing huwag magsabi sa iba.



Huwag ibigay ang iyong banking o credit card information sa sinomang tumatawag at nagsasabing siya'y mula sa NJ FamilyCare, Department of Human Services, Division of Medical Assistance and Health Services, o NJ FamilyCare health plan.

Huwag mag-atubiling tumawag sa amin sa **1-800-701-0710 (TTY: 711)** o bisitahin ang **www.njfamilycare.org** para sa tulong.



Estado ng New Jersey
Phil Murphy, Governor
Tahesha L. Way, Lt. Governor



Department of Human Services
Sarah Adelman, Commissioner

NJ FAMILY CARE